

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton at Birtwal na Kumperensya ng sa AMO 2021: nagtataguyod para sa pagbangon, kalusugan, at kasagaan ng kinabukasan

BRAMPTON, ON (Agosto 16, 2021) – Mula Agosto 16 hanggang 18, ang isang delegasyon mula sa Lungsod ng Brampton ay lalahok sa Birtwal na Kumperensya ng 2021 Association of Municipalities (AMO). Pinangungunahan ni Mayor Patrick Brown, ang Mga Miyembro ng Konseho at mga opisyal ng Lungsod ay makikilahok sa mga Ministro ng pamahalaan, mga opisyal at mga mahalagang stakeholder sa buong lalawigan tungkol sa mga isyu na pinakamahalaga sa Brampton.

Habang patuloy nating nilalakbay ang pandemyang COVID-19 , ang mga prayoridad ay magha-highlight sa pagbangon at pangkalahatang kalusugan at kabutihan ng komunidad. Kabilang dito ang:

- **Aktibong Transportasyon** – para palawakin at itaguyod ang mga proyekto ng aktibong transportasyon, kabilang ang imprastraktura ng pagbibisikleta at pagpopondo
- **Pagbabago ng Klima at Pampublikong Kalusugan** – makipag-partner sa pamahalaang Panlalawigan para suportahan ang nakakalusog na kapaligiran, ekonomiya, at komunidad
- **Second Units** – tugunan ang kakulangan ng mga opsyon ng abot-kayang pabahay at magtaguyod para sa reporma sa Building Code
- **Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Pagbangon** – para magbigay ng pamumuhunan at suporta sa pamamagitan ng pagbangon ng ekonomiya, at para isulong at itaguyod ang Innovation District ng Brampton
- **Auto Insurance** – itaguyod ang pagsasaayos sa nasirang auto insurance system ng Ontario, pinapahusay ang pagiging abot-kaya, at pagpapabilis sa prosesong lehislatiba sa pamamagitan ng pagpasa sa Bill 42
- **Adbokasiya sa Kaligtasan ng Komunidad** – dagdagan ang mga suporta sa kalusugan ng isip, tinutukoy ang bago at umiiral na mga resource para sa kaligtasan ng komunidad, at dagdagan ang pondo para sa Master Plan sa Pabahay ng Peel
- **Mga Pagkakataon Matapos ang Sekondarya** – para isabatas na iiral ang BramptonU sa pamamagitan ng pagpasa sa Brampton University Act at pagpapasulong sa proseso ng pagpapalano para sa paaralang medikal ng Ryerson sa Brampton
- **Pabahay** – bubuo ng mga solusyon at programa para tugunan ang ligtas at abot-kayang pabahay para sa mga residente at internasyonal na mga estudyante, at repasuhin ang kaugnay na mga epekto sa imprastraktura ng Lungsod
- **Pangangalagang Pangkalusugan** – agarang pagpopondo para sa hanay ng mga serbisyong pangkalusugan, Phase II development ng Peel Memorial Centre para sa

Integrated Health at Wellness, at pag-apruba sa Stage 1 panukala para sa isang komprehensibong Cancer Care Centre ng Osler

- **Transit** – pagpopondo para sa mga operation ng transit para makabawi mula sa pandemya at ligtas na dagdagan ang ridership tungo sa antas bago maganap ang pandemyang COVID-19
- **Higher-Order na Transit** – patuloy na pagsulong para sa nagpapatuloy na mga inisyatiba; LRT extension, Queen Street-Highway 7 BRT study at buong araw, two-way na serbisyo ng GO Train

Para mas malaman pa ang tungkol sa mga mahalagang prayoridad ng Lungsod, i-click [dito](#).

Mga Quote

“Maraming naituro sa atin ang nakalipas na taon tungkol sa komunidad sa kanilang mga lakas at mga pangangailangan para sa suporta. Habang patuloy tayong nakatuon sa ating kalusugan at kaligtasan sa panahon ng pandemyang COVID-19, nagpapalano rin tayo para sa napakahusay, masaganang kinabukasan – isang Brampton na nakatakda para sa tagumpay, pamumuhunan at pag-unlad. Nagpapasalamat ako sa suporta ng Lalawigan sa atin sa taon na ito at sa commitment nila sa pagpapaunlad sa ating lungsod. Inaasahan ko ang pagsamantala sa momentum na ito, nakikitang nagkakabuhay ang ating mga proyekto at patuloy na makipagkatuwang pa para makitang magkakabunga ang ating bisyon para sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang team ng Lungsod ng Brampton ay patuloy na nagpapamalas ng lakas at pagka-madaling nakakabangon sa panahon ng pandemya. Naghahatid sila ng patuloy na mga suporta na inaasahan ng komunidad habang nagpapatuloy sa mga proyekto at mga inisyatiba para palakasin ang lungsod, pinoposisyon tayo para sa tagumpay at dinamikong pagbangon ng ekonomiya. Ang pakikipagtulungan sa ating mga partner sa lalawigan ay mahalaga para sa kinabukasan ng Brampton. Inaasahan ko ang paglahok ng ating mga kasamahan sa kumperensya at pagpapaabot sa kung ano ang pinaka-mahalaga sa lungsod na ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca